

KASUNDUAN SA PAGPAPAKABIT NG SERBISYO NG TUBIG SA GUINAYANGAN WATER DISTRICT

Ang kasunduan ito ay ginawa dahil sa aking kusang loob na kahilingan sa Guinayangan Water District (GWD) na mapadaluyan ng tubig ang aking tahanan mula sa kanilang sistema upang aking gamitin sang-ayon at alinsunod sa mga alituntunin at patakarang itinakda ng mga kinauukulan na kasalukuyang ipinapatupad o maaaring ipatupad pagkatapos nito. Sa paglagda ko sa kasunduan ito, ako ay lubusang sumasang-ayon:

1. NA bago maikabit ang metro ng tubig, ang itinakdang "**Water Service Application Fee**" sa halagang Tatlong Libo at Limang Daang Piso (P 3,500.00) ay kinakailangang mabayaran ng buo o sang-ayon sa planong hulugan na hindi bababa sa Dalawang Libong Piso (P2,000.00) na paunang kabayaran. Ang natitira pang bayarin na may halagang Isanlibo at Limang Daang Piso (P 1,500.00) ay kailangang mabayaran sa loob ng hindi lalampas sa tatlong (3) buwan.
2. NA ang ibibigay na **metro o kuntador ng tubig** na irerehistro sa aking pangalan ay patuloy na magiging pagmamay-ari ng GWD. Na habang nakarehistro sa aking pangalan ang kuntador, obligasyon ko na ingatan at pangalagaan ito sa lahat ng sandali. Kung sakaling ang kuntador ay magkaroon ng kasiraan sa anumang kadahilanan, maliban sa kasiraang dulot ng kalikasan ay nasa aking pananagutan ang gastos sa pagpapaayos nito.
3. NA aking susundin ang mga itinadadhana o ipinag-uutos ng **Pangpanguluhang Kautusan Blg. 198** (na sinusugan ng PD 768) na nagsasaad na pangangalagaan at pag-iingat ang paggamit ng tubig sa layuning ito. Ang sinumang magkabit ng koneksiyon ng tubig na walang pahintulot mula sa Water District, ang makialam o pakialaman ang kuntador ng tubig o dili kaya ay gumamit ng anumang kasangkapan upang magnakaw ng tubig ay mahigpit na ipinagbabawal. Ang **pagnanakaw o pag-umit ng tubig** at ang **pagmamaniwala sa takbo ng kuntador**, matapos na mapatunayan ay may kaparusahang katulad ng itinakda ng batas na *Prison Correction* sa pinakamahabang panahon o pagmumulta buhat sa Dalawang Libo (2,000.00) hanggang Anim na Libong Piso (6,000.00). Gayundin, ang sinumang kawani o pinuno na mapatunayang gumagawa ng mga ito, matapos mapatunayan, ay papatawan ng kaparusahang mababa ng isang antas sa *Prison Correction* sa pinakamahabang panahon at kaagad ititiwalag sa tungkulin at habang panahong mawawalan ng karapatan na pumasok sa gawain sa alinmang samahan o tanggapan na pag-aari at pinamamahalaan ng Gobyerno.
4. NA obligasyon ko na magbayad bawat buwan sa Tanggapan ng GWD ng kaukulang kabayaran para sa nairehistro ng kuntador na bilang ng nakunsumong tubig sang-ayon sa pinagtibay na Taripa (**Water Rates**) ng *Local Water Utilities Administration* (LWUA).
5. NA katulad ng ipaliliwanag sa aking dadaluhang "**Orientation Seminar**" matapos kung maisumite ang aking aplikasyon sa pagpapakabit ng tubig, na mula "zero (0) hangang sampung (10) kubiko metro ng tubig na gagamitin bawat buwan ay sisingilan ang isang konsyumer ng **MINIMUM** na bayarin. Samakatuwid, wala man o "zero" ang reading ng aking metro, maging ito man ay ginamit o hindi, kung klasipikado itong "**active**" at hindi putol o "disconnected" ay sisingilan ako ng minimum na bayarin.
6. NA kung sakaling hindi ako makabayad sa itinakdang araw (**Due Date**), papatawan ng GWD ng sampung bahagdag multa (**10% penalty**) ang aking bayarin. Makakatanggap ako ng kalatas ng diskoneksyon (**Notice of Disconnection**) sa loob ng tatlong araw (3) matapos lumipas ang takdang araw ng pagbabayad. Na matapos muli ang Labinlimang (15) araw na palugit (**grace period**) ayon sa itinakdang araw na nasasaad sa Kalatas ng Diskoneksyon, ay maaari nang putulin kahit walang babala ang daloy ng tubig sa aking tirahan at bawiin ng GWD ang kuntador at putulin ang serbisyo nito. Nauunawaan ko na hindi muling maikokonekta ang kuntador ng naputol na linya hangga't hindi ko nababayarang lahat ang mga dating bayarin at ang muling pagdalo sa "**Orientation Seminar**".
7. NA sumasang-ayon akong magbabayad ng halagang Apat na Daang Piso (P 400.00) na **Reconnection Fee** sakaling maputulan ako ng tubig at bawiin sa akin ang kuntador dahil sa hindi ko pagtupad sa aking obligasyon ng pagbabayad. Ang boluntaryong pagpapaputol ng koneksiyon (**voluntary disconnection**) katulad sa panahon ng tag-init o kaya ay ang pansamantalang paglipat ng tahanan at pagbabakasyon ay walang **reconnection fee** na sisingilin sa akin ang GWD kung wala akong nakatalang nakalipas na bayarin.
8. NA **hindi pananagutan** ng GWD ang anumang biglaang paghina at pagkawala ng daloy ng tubig kung lampas na ito sa kontrol at kakayahan ng sistema lalo na sa panahon ng tag-init mula sa mga buwan ng Marso hanggang Hunyo kung kailan humihina ang mga bukal ng tubig o kaya ay sa hindi inaasahang pagkasira sa pangunahing linya ng sistema ng patubig. Inaasahan ko namang mabilisang gagawin ng GWD ang pagkukumpuni ng mga nasirang linya upang tuloy-tuloy ang pagdaloy ng tubig sa mga kabahayan.
9. NA pananatilihin ko ang tamang kondisyon at instilasyon ng kuntador at kailanman ay hindi ko babaguin o pakikialaman ito. Ang paglabag ko sa kondisyong ito ay mangangahulugan ng kaukulang kaparusahan na itinadadhana sa PD 198. Ginagarantiyahan ko din na hindi ako magkokonekta ng anumang karagdagang koneksiyon (**sub-connection**) sa aking linya nang walang nakasulat na pahintulot (**written authority**) mula sa GWD. Ang paglabag sa kondisyong ito ay mangangahulugan ng pagpuputol sa serbisyo ng tubig
10. NA hindi ako gagamit at magkokonekta ng bomba ng tubig (**water pump**) direkta mula sa linya ng sistema ng GWD. Ang ganitong sistema ay maaaring makapagdulot ng kontaminasyon sa tubig na mahihigop ng aking bomba. Kinakailangang magpagawa muna ako ng hiwalay na tangke ng tubig (**cistern**) kung saan maaari kong ikabit ang **pump** na hihigop ng tubig patungo sa isang mas mataas na tangke ng tubig. Kailangan ding ipagbigay alam ko sa GWD ang pagkakaroon ko ng ganitong sistema sa loob ng aking nasasakupang lugar nang sa gayon ay malagyan ng **check valve** ang aking linya upang masigurong hindi na babalik sa linya ng tubig ng GWD ang nahigop na tubig ng aking **water pump**.
11. NA obligasyon ko ang **pagrereport** ng anumang makita kong kasiraan sa linya ng tubig ng GWD at maging sa linya na patungo sa aking kabahayan upang agad na makumpuni ito at hindi masayang ang natataponing tubig. Nauunawaan ko na ang kagastusan sa pagkukumpuni ng mga tubo ng tubig na labas na sa linya ng GWD at lampas na sa nakakabit na kuntador ay ako ang may papangutang.

NILAGDAAN namin ang kasunduan ito ngayong ika-____ ng _____, 202__ sa Guinayangan, Quezon.

GUINAYANGAN WATER DISTRICT:

CARMELO ALEJANDRO C. PUJALTE
General Manager

APLIKANTE

Sketch ng Lokasyon